




Mababang Panganib na Yugto ng Utah

Ano ang ibig sabihin nito at ano ang magagawa mo?



Paglipat sa dilaw

Gumagana ang pagsisikap ng Utah na pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Hindi madali ang paghahanap ng bagong normal, na gaya ng pagpitik sa pindutan, ito ay mas katulad ng unti-unting paggalaw sa dial.

Patuloy na sundin ang mga protokol sa pampublikong kalusugan para sa Mababang Panganib (dilaw) upang mapanatiling umuusad ang dial para maiwasang bumalik ito.

Kumikilos ang mga indibidwal na may mataas na panganib sa ilalim ng mas mahihigpit na mga tagubilin dahil mas malamang na dumanas sila ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19.

Mga pangkalahatang patnubay:



Mga panlipunang pagtitipon na may grupo ng 50 habang pinapanatili ang social distancing.



Panatilihin ang panlipunang pagdidistansiya sa mga pampublikong kapaligiran.




Isuot ang panakip sa mukha kapag ang panlipunang pagdidistansiya ay mahirap mapanatili.



Pagsusuri sa sintomas bago ang mga paligsahan o pagsasanay ng koponan sa palakasan.



Ang muling pagbubukas ng mga K-12 na paaralan ay inaasahan para sa 2020/2021 na taon ng paaralan.



Bukas ang mga palangyuan na isasagawa ang panlipunang pagdidistansiya.



6 na talampakang distansiya sa pagitan ng mga grupo ng sambahayan sa mga kaganapan at lugar na panlibangan.



Espasyo sa pagitan ng mga grupo ng sambahayan, maramihang pag-iiskedyul ng pagpupulong para sa mas maliliit na mga pagtitipon at mga serbisyong stream kung ito ang mas nais.



CORONAVIRUS
UTAH.GOV

Mga pangkalahatang patnubay para sa mga negosyo:



Ang lahat ng mga negosyo ay bukas at nagsasagawa ng mga makatwirang pag-iingat.



Bukas ang serbisyong dine-in na may angkop na panlipunang pagdidistansiya at mga hakbang sa kalinisan.



Hikayatin ang naaangkop na mga pagsasaayos sa trabaho, sundin ang mga patnubay sa kalusugan, at ipagpatuloy ang panlipunang pagdidistansiya sa lugar ng trabaho.

Mga Indibidwal na Mataas ang Panganib:

- ✓ Isinusuot ang panakip sa mukha sa mga kapaligiran kung saan ang ibang hakbang sa panlipunang pagdidistansiya ay mahirap mapanatili
- ✓ Para sa anumang paglalakbay, gumamit ng angkop na mga pag-iingat, iwasan ang mga lugar na may mataas na panganib
- ✓ Mag-telework kung maaari, kung hindi, panatilihin ang 6 na talampakang distansiya
- ✓ Kapag bumibisita sa mga kaibigan o kapamilya, magsuot ng panakip sa mukha kung nasa loob ng 6 na talampakang distansiya
- ✓ Limitahan ang pisikal na pakikisalamuha sa ibang mga indibidwal na may mataas na panganib, maliban sa mga miyembro ng iyong sambahayan o tirahan
- ✓ Panlipunang pakikisalamuha sa mga grupo na may 20 o mas kaunti sa labas ng iyong sambahayan o tirahan
- ✓ Limitahan ang pagbisita sa mga ospital, mga tahanan ng pag-aaruga o nursing home, o iba pang mga pasilidad na pangangalangang pantahanan

Mga bata:

- ✓ Panatilihin ang panlipunang pagdidistansiya sa mga pampublikong kapaligiran
- ✓ Ang lahat ng mga batang may sintomas ay dapat manatili sa tahanan mula sa nangangalaga sa bata, at pauwiin kung nagpapakita ng anumang mga sintomas
- ✓ Limitahan ang pakikisalamuha sa ibang mga bata sa mga pampublikong lugar (hal. kagamitan sa palaruan)

Maghanap ng mga detalyadong patnubay para sa mga indibidwal at negosyo sa Coronavirus.Utah.gov

